

Maala-ala Mo Kaya?

U Z. Eliserio
uzeliserio@up.edu.ph

ABSTRAK [ABSTRACT]

Ginagalugad sa papel na ito ang interaksyon ng popular na kultura, panitikan, at alaala. Nakabase ang balangkas na gagamitin dito pelikulang *Santiago!* ni Lino Brocka (1970). Sa pagsusuri ng mga tauhan at ng kanilang relasyon sa nakaraan, madedebelop ang SS!LB (Skemang Santiago! Lino Brocka). Sa skemang ito, naipapaliwanag ang iba't ibang konseptwalisasyon ng alaala na maaaninag sa mga teksto ng mga kritiko at malikhaing manunulat na Filipino. Una munang ipapaliwanag ng awtor ang SS!LB, saka ipapamalas ang gamit nito sa pagkategorisa ng kritisismo at panitikang Filipino. Magtatapos ang papel sa konsiderasyon ng palabas sa telebisyon mula sa timog Korea na *Gyeongsong Creature*, na kaparehas ng *Santiago!* ay tumatalakay sa tramatikong pananakop ng mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang SS!LB, kung gayon, ay maaari ding gamiting balangkas para sa pagsusuri ng iba

PAALALA

May ilang bahagi sa teksto ang naglalaman ng maseselang tema. Nangangailangan ito ng pang-unawa.

ELISERIO
Maala-ala Mo Kaya?

pang kultural na tekstong Asyano. Ang nakapusta sa papel na ito ay ang pagbuo ng isang teorya ng alaala na nakasandig sa kritisismo at panitikang Filipino. Umiiwas sa pagiging nakadepende sa mga banyagang teorya bilang tugon sa tawag ni Guillermo na “magsarili” (Guillermo, 2023; Guillermo, 2024) at sa hamon ni Lucero na hindi natin maiintidihan ang ating mga sarili at ang ibang banya gamit ang teorya mula sa dayuhan (Cruz-Lucero, 2007; p. 4; p. 8). *[This paper explores the interaction of popular culture, literature, and memory. The framework to be used is based on Lino Brocka’s film Santiago! (1970). By analyzing the characters and their relationship with the past, the SS!LB (Santiago! Lino Brocka scheme) will be developed. This scheme explains the different conceptualizations of memory that can be harvested from the texts of Filipino critics and creative writers. The author will first explain the SS!LB, and then demonstrate its use in categorizing Filipino criticism and literature. The paper will conclude with a consideration of the South Korean television show Gyeongsong Creature, which, like Santiago!, discusses the traumatic Japanese occupation during the Second World War. The SS!LB, therefore, can also be used as a framework for the analysis of other Asian cultural texts. What is at stake in this paper is the creation of a theory of memory grounded in Filipino criticism and literature. It avoids dependency on foreign theories in response to Guillermo’s call to become “autonomous” (Guillermo, 2023; Guillermo, 2024) and to Cruz-Lucero’s challenge that we cannot understand ourselves and other nations using foreign theory (Cruz-Lucero, 2007; p. 4; p. 8).]*

Mga Susing Salita: araling alaala, nagsasariling araling Filipino, Lino Brocka, Santiago!, pambansang amnesia

INTRODUKSYON

Ginagalugad sa papel na ito ang interaksyon ng popular na kultura, panitikan, at alaala. Nakabase ang balangkas na gagamitin dito sa pelikulang *Santiago!* ni Lino Brocka (1970). Sa pagsusuri ng mga tauhan at ng kanilang relasyon sa nakaraan, madedebelop ang SS!LB (Skemang Santiago! Lino Brocka). Sa skemang ito, naipapaliwanag ang iba't ibang konseptwalisasyon ng alaala na maaaninag sa mga teksto ng mga kritiko at malikhaing manunulat na Filipino. Una munang ipapaliwanag ng awtor ng SS!LB, saka ipapamalas ang gamit nito sa pagkakatégorisa ng kritisismo at panitikang Filipino. Magtatapos ang papel sa konsiderasyon ng palabas sa telebisyon mula sa timog Korea na *Gyeongseong Creature*, na kaparehas ng *Santiago!* ay tumatalakay sa tramautikong pananakop ng mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang SS!LB, kung gayon, ay maaari ding gamiting balangkas para sa pagsusuri ng iba pang kultural na tekstong Asyano. Ang nakapusta sa papel na ito ay ang pagbuo ng isang teorya ng alaala na nakasandig sa kritisismo at panitikang Filipino. Umiiwas sa pagiging nakadepende sa mga banyagang teorya bilang tugon sa tawag ni Guillermo na “magsarili” (Guillermo, 2023; Guillermo, 2024) at sa hamon ni Lucero na hindi natin maiintidihan ang ating mga sarili at ang ibang banya gamit ang teorya mula sa dayuhan (Cruz-Lucero, 2007, p. 4; p. 8).

Maituturing ang *Santiago!* bilang dekonstruksyon ng imahen ni Fernando Poe Jr (FPJ)... sa kalagitnaan ng pagbuo ng imahen na iyon (tingnan ang Tolentino, 2000, pp. 41-44). Sa kalakhan ng pelikula hindi nakikipagbabakban si FPJ bilang Gonzalo. Imbes, kung hindi niya inaalagaan si Cristina (Hilda Koronel), nangingisda siya. Iniwan ni Gonzalo ang mga gerilya laban sa Hapon, dahil nagkamali sila't pinasabog ang eskwelahang *Santiago* at napatay ang kayraming Filipino doon (kasama sa mga biktima si Cristina). Pinagtsismisan si Gonzalo, dahil hindi alam na gerilya nga siya, ikinukumpara siya ng mga babae at matandang lalake sa bayan sa mga kaanak nilang namundok para labanan ang mga Hapon. Sa isa sa pinakamagandang bahagi ng pelikula, nang malantad na ang pagkakasangkot ni Gonzalo sa aksidente sa *Santiago*, dinumog siya

ELISERIO
Maala-ala Mo Kaya?

ng mga taumbayan at binugbog. Syempre pa, sa dulo ng pelikula kakailanganing magbalik ni Gonzalo sa pagiging gerilya (at ni FPJ sa pagiging action hero), tatanggapin niyang muli ang kanyang baril at papatay siya ng maraming Hapon. Para mailigtas ang taumbayan, kailangan niyang pasabugin ang tulay pagkatapos nilang matawid ito. Humahabol na ang mga Hapon, at nagmakaawa ang ilan na maghintay muna siya. Magfa-flashback ang mga unang eksena ng pelikula, ang pagsabog ng Santiago at pagkasunog ng mga tao doon. Pasan ang daigdig, ibibigay ni Gonzalo ang utos na pasabugin ang tulay, “aakuin” niya ang aksidente ng Santiago, sa pag-uulit na ito, malay na niyang idadamay ang mga inosenteng Filipino sa kanyang paglaban sa mga Hapon.

Hindi lang si Gonzalo ang nakakaranas ng ganitong dinamiko ng pag-uulit (tingnan ang Figura 1). Ang kanyang karibal para sa puso ni Lydia (Boots Anson-Roa) ay si Celso (Dante Rivero). Pinatay ng mga Hapon ang buong pamilya ni Celso dahil itinuro ng isang makapili, kaya pinatay ni Celso ang makapili, at ang pamilya nito (Pag-uulit #1). Pagkatapos, naging mala-serial killer na lang si Celso, pumapatay ng mga Hapon, kunwaring naghihiganti, kunwaring naggegerilya, pero ang sa totoo, gusto lang talagang pumatay ng tao (Pag-uulit #2). Hindi magawa ni Lydia na ipagpatuloy ang kanilang relasyon, dahil sa tuwing nagkakaroon sila ng *moment*, bumabalik sa alaala ni Lydia ang pagpatay ni Celso sa pamilya ng makapili. Malilito nang kaunti ang manonood sa mga eksenang ito, dahil, bagaman may *aural cue*, huli na bago mahalata ng mata na nagbago na pala ang panahon. Epekto ito ng brutal na editing ni Felizardo V. Santos. Ang nabaliw na si Pilar (Caridad Sanchez), na pinatay ang kasintahan at dinahas ng mga Hapon, dumaranas din ng mas matindi at mapaminsalang pag-uulit. Nang imartsa ng mga Hapon ang kanilang bayan papunta sa simbahan, maaalala ni Pilar muli ang kanyang nakaraan, “babalik” ang kanyang katinuan nang sapat para subukan niyang makipaglaban sa mga sundalo, na mabilis siyang ididispatsa. Mula sa apat na tauhang ito, maaari tayong magskemata ng apat na uri ng pag-alaala. Tawagin nating A+ pag gusto ng tauhan na makaalaala, at A- pag hindi. Samantala, tawagin nating U+ pag nakakahugot ng

lehitimasyon mula sa alaala ang tauhan para sa kanyang kasalukuyan, at U- pag hindi. Si Celso kung gayon ay A+/U+, at si Pilar ay A-/U+, samantalang si Lydia ay A-/U-. Si Pilar kung gayon ay bigong Celso (dahil nga kung papipiliin, ayaw naman ni Pilar na pumatay ng tao, kahit na Hapon, samantalang gusto ni Celso na pumatay ng tao, at buti na lang lehitimong pumatay ng Hapon). Si Gonzalo ay para lang ding si Pilar, na ayaw makaalaala pero kailangang ulitin ang nakaraan, ang pagkakaiba nga lang ay matagumpay ang pag-uulit ni Gonzalo (naisalba niya ang alaala ng Santiago sa pamamagitan ng pagpatay ng mga Hapon, imbes na Filipino, sa ikalawang pagkakataon ng pambobomba niya). Kung gayon sino ang umoukupa ng ikaapat na posisyon, ang salungat kay Lydia, ang A+/U-? Ang manonood! Gustong alaalahanin ng manonood ang gera, kaya pinapanood itong pelikula, pero napapalarisa lang din tulad ni Lydia. Hindi magawa ng manonood na maging U+, i.e. akuin at umoo sa nakaraan, tanggapin na nangyari ang okupasyon ng mga Hapon imbes na hilingin o gustuhin na hindi na lang sana ito nangyari. Ang A+/U- lang din ang tanging radikal na posisyon, ang alaalahin ang nakaraan gaano man ito kabrutal at ayaw sanang nangyari—ito ang paghindi sa pagkalimot gaano man ito katraumatiko (tingnan ang Table 1). Ang posisyon ni Lydia ang siyang isinasagawa ng mga Filipino, ng buong bayang Pilipinas, sa ating kolektibong pagkalimot, sa kasaysayan, sa kolonyalismo, sa imperyalismo, sa mga Marcos, at sa mga Aquino. Sa susunod na bahagi ng papel, ipapamalas ang kapangyarihan ng SS!LB sa pamamagitan ng pag-ugnay dito sa gawa ng mga susing kritiko sa Pilipinas.

ALAALA, KULTURANG POPULAR, AT ORAL NA PANITIKAN

Tayo raw mga Filipino ay makakalimutin, pambansa nga raw ang lebel ng ating amnesia. Sa pamamagitan ng mabubusing pagbabasa sa mga gawa nina Edel Garcellano (1990, 1998, 2001), Rosario Cruz-Lucero (2007), Ramon Guillermo (2014, 2023, 2024), at Rolando Tolentino (2000), ilulugar sa kasaysayan ang usapin ng mahinang memoryang ito. Ang apat na kritikong ito ay mga

ELISERIO
Maala-ala Mo Kaya?

nangungunang iskolar ng kulturang Filipino, kung kaya makakakitaan sila ng espesyal na kabatiran para sa isang maka-Filipinong teorya ng alaala. Sa pamamagitan ng paglilima sa kanilang mga sulatin, mabibigyan ng pulitikal na interpretasyon ang konsepto ng “kamalayang Filipino,” ng mismong ideya ng identidad na Filipino. Ang utak ng tao ay makakalimutin, at ang pag-alaala ay usapin ng uri. Ang teknolohiya ay paraan para mapalakas ang alaala ng tao. Sa kritisismo ni Guillermo, gamit ang mga computer program, bilang bahagi ng digital humanities, nababawi ang abilidad ng ating wika na iartikula ang ating sitwasyon. Pero hindi na kailangan pa ang ganitong uri ng mga instrumento para wag makalimot, noon pa man may camera, at bago pa dito, ang pagsusulat.

Kung mayroon pang nagdududa sa estado ni Edel Garcellano bilang pinakamasusing kritikong Filipino, kakailanganin lang basahin ang pambabalahura niya sa ideolohiyang nanunot sa antolohiyang inedit ni Luis Francia (*Brown River, White Ocean*, 1993) (kasama sa mga kontribyutor ang mga kamag-anak ni Francia, “whom he feels deserve to represent the Filipino psyche”), kung saan ginamit ng huli ng talinghaga ng Ingles bilang tren, gawa ng Amerikano, na habang pinapasok ang bansa’y napapalitan ang mga bagaheng Amerikano ng bagaheng Filipino. Tanong ni Garcellano, saan pupunta ang tren? Sino ang may-ari nito? Sino ang pinanggagalingan at nagpapatupad ng mga alituntunin sa tren? Ano ang uri ng mga pasahero? Sigurado ba si Francia na mapapalitan ng mga bagaheng Filipino ang mga bagaheng Amerikano, hindi nga ba’t posible na ang Ingles ang umangkop sa mga katutubo? Sa talinghaga ni Francia, ayon kay Garcellano, ang Ingles ay nagiging “benign, non-interventionist medium, whose efficacy is a product of the Filipino’s perpetual loss of memory” (Garcellano, 2001, p. 61). Isang kahindik-hindik na sipi, hindi mula kay Francia, ang susunod: wala naman talagang nawawala sa ating pag nakalimutan natin ang ating nakaraan. Inihuhugpong ito ni Garcellano sa kapitalismo, at sa landas na tinatahak ng mga manunulat na nawalan na ng pananamapalataya sa rebolusyon, mga manunulat bilang negosyante, sumasama sa mga “parliamentary campaigns [ng mga

heneral na tumatakbo pagkapresidente], speech writing, PR work," dagdag pa rito ang "exorcism of memory, a self-willed forgetting of history" (Garcellano, 2001, p. 80). Dekada 90 ito, tapos na ang EDSA at papasok ang Pilipinas sa mahabang mga taon ng globalisasyon at neoliberalismo. Pinagtatawanan ni Garcellano ang ilang "aktibistang" manunulat, ilang sumapi sa PAKSA, sa pagtakwil nila sa kanilang mga teksto, na kinailangan ng Martial Law para maging lehitimo, at ngayo'y "contained as disorders, madness, schizophrenia — and error because of the disintegration of the Russian republics?" (Garcellano, 1998, p. 5).

Ang proyekto namang ito ay hindi naman orihinal sa imperyalismo ng Estados Unidos. Sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol, binubura na rin naman ang ating alaala. Kung kaya nga ang mga buyung, mulang dakilang datu tungong magnanakaw. Ito ang argumento ni Rosario Cruz-Lucero: "with the passing of time and the death of each generation, the indios' memories have drawn farther away from the own nobility" (Cruz-Lucero, 2007, p. 14). Responsibilidad ng mga manunulat, para kay Lucero, na bawiin ang mga alaalang nabubura. Alaala hindi lamang ng mga nagdaang dekada, kundi siglo. Kay Lucero, ang batis ng alaalang ito ay ang ating oral na panitikan. Gayumpaman may panganib na mahihinuha sa proyekto ni Lucero. Kahanga-hanga man ang paniniwala niyang solusyon sa pagiging lutang ("a habit of shore"-lessness," alusyon kay Abad) may dating din si Lucero na, kundi man minero ay negosyante pa ring naghahanap ng kanyang "Blue Ocean:" "I had sought out Baha Lambay Beliyan to learn how our tribal Manobos were continually inventing themselves and the world, so that I could employ such indigenous concepts as metaphors for my own literary writing and reading" (Cruz-Lucero, 2007, p. 20, sa akin ang diin). Bagaman, kung maingat ang bampira, pwede namang hindi ikamatay ng kanyang pagkukunan ng dugo, ininom pa rin niya (ng bampira) ang dugo nito. Sapat na ba na nagpaalam siya? Sapat na ba na pumayag ang nagpainom? Sa kapitalistang ordeng kinasasadlakang pareho nina Garcellano at Lucero, kahit ang nakaraan at kasaysayan ng oportunidad ng pamuhunan.

ELISERIO
Maala-ala Mo Kaya?

Baka naman ang espesyal na abilidad ng mga Filipino, imbes na kolektibong pag-alaala ay kolektibong pagkalimot? Sa kanyang pagsusuri ng isang maikling kwento ni Angel Magahum, itinala ni Lucero na, sa opisyal na kasaysayan, “guilty” ang tauhang Gallasan, sa alaala ng bayan si Gallasan ang dinadakila (Cruz-Lucero, 2007, p. 136). Para kay Lucero may alaala ang ating lahi, ang ating bayan (Cruz-Lucero 2007, 21, 118). Samantala, sa sanaysay na “The PBA as MTV,” tila ba trahedya ang basketball sa paglalarawan ni Garcellano: “the events seems to undermine the whole narrative, and even if there is glory to rejoice at ... everything is just a transient note on the sketchpad of memory.” Sa kanyang Intertext, sinabi rin ni Garcellano na binubuo ang ating kolektibong alaala ng mga pelikula, kwento, at lumang teksto (Garcellano, 1990, p. 21). Pwedeng sabihin, kasama ni Lucero, na wala naman kasing kakwenta-kwentang bagay ang basketball, at hindi awtentikong kultura ng mga Filipino ang popular na kultura. Pagpapatuloy pa ni Garcellano: “collective remembrance (something that we Filipinos have never excelled in, if the last elections would be any index at all) will in itself be a thing of the past” (Garcellano, 1998, p. 171). Lagi namang nagbababala si Garcellano tungkol sa reipikasyon ng “Filipino” (ang metapisikal na pagbalangkas dito). Kung ang kapitalismo man ang dahilan kung bakit tayo nakakalimot, paano natin ito lalabanan kung isa sa mga pangunahing sandata natin ay alaala? O baka naman, tulad lang din ng bundok na mas malapit na syudad, may mga “espesyal” tayong katangian bilang bayan na siyang dahilan kung bakit mas madali tayong napagsasamantalahan (i.e. kumpara sa ibang mas malayong bundok, iyong mga bayan na mas kumakapit sa kanilang alaala)? Maaari din na ang naganap sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol, at nagaganap pa rin sa yugtong ito ng neokolonyalismo, ay ang kabaliktaran ng tinukoy ni Nietzsche sa kanyang Henealohiya: ang Pilipinas ay palahiag baboy ng mga makakalimutin.

MULA KOLEKTIBONG ALAALA TUNGONG KOLEKTIBONG KAMALAYAN

Maaari bang maangkop ang isang panlabas na teksto para maging bahagi na ng loob ng isang bayan? Ito ang argumento ni

Ileto tungkol sa pasyon. Madalas pag sinusuri iniisip ang pasyon bilang instrumento ng kolonyalismo (huwag lumaban sa mga Espanyol dahil bibiyayaan kayo sa langit), para kay **Ileto** ito ang nagbigay ng bokabularyo para sa kritisismo ng mga indio sa kanilang kolonisador. Ang susing teksto sa kanya ay ang Pasyon Pilapil. Ito raw ay “salamin ng kolektibong kamalayan: “In the late eighteenth century and early nineteenth century, the text of Aquino de Belen’s pasyon, in the course of being continually memorized, copied, and disseminated ... , experienced various subtle changes” (Ileto, 2020, p. 13).

May dobleng galaw sa libro ni Ileto. Sa isang banda, argumento ito na nasa kamalayan ng mga Filipino itong pwede nating tawaging “pasyonismo,” at sa ibang banda, kailangan niyang palitawin pa ang parehong pasyonismong ito. Ang masaker nga noong 1967 sa mga myembro ng Lapiang Malaya ay mabilis na naglaho sa “people’s memories” (Ileto, 2020, p. 1). Tila ba sinaniban ni Kris Aquino si Ileto, naging kasing “konyo” ng iskolar ang artista, habang ipinapaliwanag kung bakit hindi aksidente lamang ang nangyari: “We should be able to find meaning in it, not resorting to convenient explanations like “fanaticism,” “nativism,” and “millenarianism,” which only alienate us further from the kapatid who lived through it” (Ileto, 2020, p. 2). Para makakonekta ang mga modernong Filipino sa pasyonismo, kailangan daw natin ng “conceptual tools,” na tawagin na lang natin ditong “Iletoismo.” Isa sa mga taktika nito ay ang pagpili ng mga detalye mula sa tekstong sinusuri ni Ileto para iabante ang kanyang tesis: “the most dramatic and memorable parts of the pasyon are those whose meanings overflow into the sociopolitical situation of the audience” (Ileto, 2020, p. 18). Marahil ay pag naghanap ka ng mga Kristo sa kasaysayan ng Pilipinas, makakahanap ka talaga. Si Rizal daw ay isa sa mga kilalang Kristo na kasapi ng mga ilustrado. Isa pa sa mga Kristong ito si Apolinario de la Cruz: “apparently remembered not for his particularly unique individual attributes but as a powerful sign of Christ’s presence among men. Folk memories of his personality have been shaped in terms of the pasyon image of Christ” (Ileto, 2020, p. 50). Sa kanyang pagkukumpara sa “Katapusang Hibik ng Pilipinas”

ELISERIO
Maala-ala Mo Kaya?

ni Bonifacio sa bersyon ng isang “beggar,” muli matutunghayan natin ang balangkas ni Ileta: “we must also explain why these particular passages stuck in the folk memory” (Ileta, 2020, p. 140). Dito nga pumapasok ang mga susing salita ng Iletismo, tulad ng “damay” (Ileta, 2020, pp. 51-52). Paliwanag nga ni Guillermo, ang pinakasusing salita ni Ileta, “loob,” ay binigyan lang ng maikling gloss at pagkatapos ay dumanas na ng “explanatory translation”: “as the work progresses, Ileta allows loob to accumulate a series of meanings by association and context” (Guillermo, 2014, p. 5). Kung ang mambabasa ay hindi marunong mag-Filipino, kakailanganin niyang tanggapin na lang ang kahulugang ibinibigay dito ni Ileta. Magkakaroon ito ng “enigmatic, mantra-like power similar to the amulets that he describes” (Ileta, 2020, p. 7). “May salitang “loob” ba o “damay” sa teksto ng mga Katipunero? Pasyon ito!” Gamit ang mga kabatiran mula sa digital humanities, sinuri ni Guillermo ang mga teksto nina Balagtas, Bonifacio, Isabelo de los Reyes, pati ang salin sa Tagalog ni Pascual Poblete ng Noli, gayundin ang corpus ng mga Tweet at post mulang Facebook, para ipamalas na wala namang mahikal na kahulugan ang “loob.” At ito ang argumento ni Guillermo laban sa pangkaming pananaw ni Ileta. Samantalang para kay Ileta ang kolonyalismo ang nagbigay sa mga Filipino ng bokabularyo para kritikahin ang kolonyalismo, ang totoo, nasa wika na natin ang loob, at ang “preexisting idiom of loob, pagan, non-Christian, and day-to-day, which finally gave shape to the ethico-moral texture of the pasyon” (Guillermo, 2014, p. 14). Hindi kinailangan itong panlabas na diskurso ng mga Filipino para lang mabigyan artikulasyon ang ating paghihirap at paghihimagsik. (Hindi naman ito dapat katakatakata kay Ileta at sa ibang Iletotista. Galit na galit nga raw si Sakay sa pag-angkop sa salitang “kalayaan.” Sinipi ni Ileta ang talumpati ng isang Felicia San Agustin na pumupuri sa mga hukbo ng Estados Unidos. Ang Estados Unidos na ang tagapagligtas, ang mga rebolusnaryo sa nakayunan ang kalaban: “One can imagine the surprise and disbelief of the revolutionaries at such cooptation of their language” (Ileta, 2020, pp. 178-179).) At hindi lang sa mayroon tayong sapat na bokabularyo noon para kritikahin ang kolonyalismo, mayroon din tayong sapat na bokabularyo ngayon para kritikahin ang neokolonyalismo, nang hindi nagpapabitag sa banyagang diskurso.

Bagaman ibinibigay ni Guillermo na hindi naman maitatangi na may impluwensya ang pasyon sa diskurso ni Bonifacio, hindi ibig sabihin ay sa lente lang ng pasyon dapat intindihin ang kabuuan nito. Isa pa, ayon kay Domingo de Guzman, kung totoong millennarian si Bonifacio, marapat lang na pinatay siya nina Aguinaldo (de Guzman, 2024,p. 6).

Nakakatawang ginamit ni Guillermo ang mga salita ni Ileta, para ilarawan ang pagsalaysay ng kasaysayan—uneven, discontinuous, and heterogenous—para ilarawan ang semantikong larang ng loob, i.e. ang iba't ibang gamit nito ay “cannot be collapsed into a single interpretative matrix, subjected to a uniform disambiguation procedure, or reduced to a single hermeneutic strategy” (Guillermo, 2014, p. 22).

Sa kanyang pagsusuri kay Kris Aquino bilang kultural na teksto, inihugpong ni Rolando Tolentino itong “bida” sa panlipunang konteksto, ang panahong post-Marcos at post-EDSA. Maaari nating sabihin dito na samantalang ang popular na kultura (sa anyo ng pelikula), ang kultura ng showbiz sa Pilipinas, sinekdoke nito si “Kris,” ay bahagi ng proyekto ng pagkalimot, ang pagsusuri kay Kris, sa industriya ng kultura, ang kontrapelo dito, ang paraan para alalahanin natin hindi lang si Kris Aquino, kundi si Cory Aquino, at ang sala-salabat na relasyon ng kanilang mga imahen at ang relasyon ng kapangyarihan sa ating bayan. Noong snap elections, ayon kay Tolentino, sinuportahan pareho ng magkaribal na Vilma at Nora si Marcos Sr: “Ito ang simulator ng pagkutitap ng dating matingkad na bituin ng superstar. Maikli ang kolektibong memorya ng mamamayan, at ito ang hinintay lumipas ni Vilma bago ito lumantad at nagpakasal kay Ralph Recto, ang ama’y abogado ni Imelda” (Tolentino, pp. 116-117). Pertinente ang pulitikal na pagsusuri ni Tolentino, lalo na’t ang binabalikan niyang mga usapin, ang pilit niyang ipinapaalala sa atin, ang mga Marcos, ang presensyang militar ng Estados Unidos sa ating bansa, ay hindi na kailangang alalahanin ngayon, dahil narito nang muli (ang mga aral ng kasaysayan ang wala sa ating kamalayan). Bagaman hindi tayo naniniwala sa salamangka, halos propeta na ang dating ni Tolentino

ELISERIO
Maala-ala Mo Kaya?

sa bahaging ito ng kanyang analisis, marahil sa kanyang pagbabad sa kasaysayan, nagkakaroon na siya ng kapangyarihang makita ang kinabukasan: “Tulad ng alaala at pagkalimot sa base militar ... si Cory ay hahayo na rin patungo sa puwang na pinaglagyan niya sa kasaysayan.... Si Kris sa pelikula ay nauna nang nabura sa isip ng mga tao, at malamang ay sumunod na si Cory” (Tolentino, 2000, p. 120).

Sina Garcellano at Tolentino ay naniniwalang hindi tayo makaalaala, kaya hindi tayo makausad, itala natin ito bilang A-/U-. Samantala, sina Lucero, Ileta, at Guillermo, naniniwalang maaaring makaalala, at ito ang daan tungo sa tagumpay. Dagdag pa, maaaring okupahin ng tinutuligsa (Ileta) at nanunuligsa (Guillermo) ang parehong posisyon sa skema, dahil para sa SSLB hindi prioridad kung totoo man o hindi na nanunuot ang pasyon sa kamalayang Filipino, ang prioridad ay kung naniniwala si Ileta sa kapangyarihan ng alaala at sa kakayahan ng mga Filipino na bawiin ito. Salungat ito sa posisyon ni Tolentino sa Richard Gomez at ni Gacellano sa kabuuan ng kanyang obra dahil naniniwala man silang mahalaga ang memorya, naniniwala din silang makakalimutin ang mga Filipino.

ANG ALAALA SA PANITIKAN

Dito sa ikalawang bahagi ng papel isasagawa ang pagsipat sa ilang tekstong pampanitikan, mga nobela, tula, at maikling kwento, na sumisisid sa balon ng alaala. Sa mga gawa nina Virgilio Almario (2002), Ricky Lee (2008), at Chuckberry Pascual (2015), ipapamalas na hindi pasibong akto ang pag-alala, kundi aktibong proseso. Samantalang parehong Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan sina Almario at Lee, si Pascual naman ay isa sa mga umuusbong na sikat na manunulat sa Pilipinas. Ang pagkilala sa mga manunulat na ito ng mga mambabasa sa Pilipinas ang nagbibigay sa awtor ng kumpyansa na ang tatlo ay makikitaan ng akses sa kamalayang Filipino na siyang maaaring maging kumpirmasyon-komplementaryo sa isang maka-Filipinong teorya ng alaala.

Sa mga maikling kwento ni Chuckberry Pascual, ang nauuna lagi'y ang pisikalidad ng katawan. Ito ang kaso kahit na "mental" o nasa isip ang mga gawain. Sa isang parenthesis sa "Kapre," kwento ng pagtataksil, matutunghayan natin si Gabriel na inaalala ang "mukha ni Alejandro noong hapon na iyon," at ang epekto nito: "bumilis ang kanyang pulso, tumahip ang ang dibdib" (Pascual, 2015, p. 124). Pero sa ang susing teksto sa pag-aaral ni Pascual ng alaala ay ang kambal na kwentong "EX." Madalas nating isipin na ang mga bagay o pangyayari na naaalala ay basta naganap sa nakaraan, na binabalikan. Pero hindi ganoong kadali ang pagbabalik, o kahit ang pagiging-nasa-nakaraan ng inaalala.

Samantala, sa "EX pt. 2" naman, ang lunan ang mahalaga sa transgender na si Alejandro (Malabon, "sa lumang bahay ng ikalawang bana ng kanyang lola, noong huling tag-init na nagbakasyon siya sa Dampalit"). Bata pa siya nito, nasa subdibisyon ng kanyang tiyahin, kung saan "nakatira ang ilan sa kanyang mga pinsan at ang mga ito ang kanyang nagiging kalaro. Maglalanbingdalawang taon na siya noon pero haling pa rin sa paglalaro sa lansangan. Malaki siyang bata, madalas asarin dahil sa kanyang naglalakihang hita" (Pascual, 2015, p. 164). Tulad sa naunang kwento, nakakabit dito ang alaala sa solidong bagay, na siya namang basehan ng emosyon. Nang maengkwentro muli ni Alejandro ang kababatang si Gabriel, isang transwoman na Gaby na ang mas gustong pangalan, sa una'y hindi niya malaman kung nakilala din niya ito. Hindi siya makapag-usisa masyado dahil pormal dapat ang pakikitungo niya dito, iniinterbyu niya ito para sa trabaho sa call center. Pero nagawa pa rin niyang bumulong nang malingat ang mga nagbabantay sa kanila: ""Hindi mo ba naaalala? Si Brooke Shields?"" (Pascual, 2015, p. 174). Dito lang nagpakita ng pagkilala si Gabriel. Dito naalala natin ang agam-agam ni Lucero. Tanda ng neokolonyalismo na ang mga pinakamamasarap na alaala ng kabataan, ay nakadikit sa kulturang popular galing Estados Unidos. Pinaglalaruan ni Pascual ang alaala at perspektibo sa isang sitwasyon. Pormal ang interogasyon niya sa punto de bista, at sa "EX pt. 1" isip ni Gabriel ang pinapasok ng mambabasa. Samantalang may nostalgia si Alejandro, mas sinikal at sinister si

ELISERIO
Maala-ala Mo Kaya?

Gabriel. Awa na nga ang pinakamagaan sa mga naramdaman nito para kay Alejandro: “Wala pa ring ipinagkaiba ang dating kalaro. Hanggang ngayon, kayang-kaya pa rin niya itong gawing balagoon” (Pascual, 2015, p. 159). Pero kahit papaano ay may negatibong epekto pa rin sa kanya ang kanilang engkwentro. Saan ito huhugot ng lakas para maibalik ang pagkabalanse? “Isinaloob niya ang alaala ni Naomi Campbell at ang lahat ng mga modelong napapanood niya sa Fashion TV. Lahat sila, mukhang gutom, mainit ang ulo, nagdadabugan habang naglalakad sa rampa” (Pascual, 2015, p. 160).

Ginawang tao ni Virgilio Almario si “Memorya” (anak sa labas ng isang “Senyor de Vida”), isang babaeng napag-iwanan ng panahon na ang itinuturo sa atin ay “masamang bunga ng sobrang paglingon” (Almario, 2002, p. 97). Ang paksa ng tula ay parehong ang pag-alaala at ang babaeng itong personipikasyon ng alaala. Mabuhay sa kasalukuyan imbes na nakaraan, sinasabi ng tula, mabuhay sa “present,” kasi matutulad ka sa mga matanda na ang “wala ay saka pinanghinayangan” (Almario, 2002, p. 98). Hindi maling isiping may hibo ng self-help dito.

Samantalang tinatalikuran ni Almario ang pag-alala (nang sobra), sa nobela ni Vim Nadera na (H)istoryador(a), alusyon sa mga parenthesis ni Almario ang kay Nadera, ang itinatakwil naman ay teknolohiya para sa alaala. May romantismo dito si Nadera, pananampalataya sa “puso” ng tao:

Ngayon parang ayaw ko na sa mga bagay na nagpapatigil sa panahon tulad ng kamera.
Nagsasama na lang ako ng retratista kung kailangan.
Ipinauubaya ko na lang sa memorya ko ang anumang inisip, sinalita, o ginawa ng mga kapanayam ko.
Kung maganda itong alaala, kusa itong dumarating.
Kapag hindi, sadya rin itong ayaw umalis.
Hangng tahimik na lalabas sa pinto ng gunita.

Di gaya ng diskette at microcassette kong di ko
na muling natagpuan (Nadera, 2000, p. 141).

Pagmumuni-muni ito ng isa ding humaling sa popular na kultura, pero sa kasong ito, mga gawang Pinoy ang teksto. Ang tauhan ni Nadera ay “Krisian,” ipinagdadasal na kumita ang mga pelikulang masaker at komedi ni Aquino. Malaking bahagi ng kanyang mundo si Rene Requiestas at Robin Padilla. Hindi sa nakakatas siya sa popular na kultura ng Estados Unidos, tulad nina John Travolta at Bee Gees. Siya si “Miss Concepcion” (misconception) na dapat ang apelyido ay Centenario. Isa siyang journalist na hinaharass ng militar (ang komumpiska ng kanyang mga gamit), nakulong dahil sa kanyang pagsusulat. Maaari nating ituring ang atitud niya sa kasabihan sa Hiligaynon: “Kon wala na ang tanan, maga pabilin ang handumanan” (Eugenio, 2002, p. 362). Ang alaala ang lahat, o di kaya, ang meron lamang ay alaala.

Ang tauhang Irene sa Para kay B ni Ricky Lee ay may photographic memory. Tila ba nasasagot kung gayon nito ang problemang inilahad ni Nadera. Hindi tulad ng camera, hindi pwedeng kunin ang utak ni Irene. Hindi tulad ng sa ordinaryong tao, hindi nakakalimot si Irene. Nagiging kagamitan minsan si Irene. Biro nga ng kaibigan, sa grocery ito na ang tinatanong para sa presyo, pati total ng binili (Lee, 2008, p. 2). Kahit sa metapiksyonal na bahagi ng nobela, patuloy pa rin si Irene sa kanyang pagtatanghal (Lee, 2008, p. 198).

Ginagamit din ni Irene ang abilidad para sa sarili niyang bentahe. Para hindi titigan ng mga ka-date ang kanyang malaking dibdib, bibirahan sila ni Irene ng kung ano-anong trivia, para bumalik ang atensyon sa kanya: “Watch an arrow as it travels along its flight path. Clearly, at any instant, the arrow is occupying a given space. If it is occupying space, it must obviously be at rest there, in that given instant” (Lee, 2008, p. 3). Kapansin-pansing nasa Ingles ang factoid na ito, ibig sabihin, minemorya lang, at hindi talaga maipapaliwanag ni Irene ang sophistry ng argumento.

ELISERIO
Maala-ala Mo Kaya?

Makakaharap ni Irene ang isang hamon sa tauhan ni Jordan. Hihiling siya ng dalawampung salita mula rito, na kaya niyang i-recite pabalik. Bagaman alam ni Irene na mabigat ang huling salita, “nanay,” sa kanyang pagtatanghal kahit na lalagyan din niya ng mahabang patlang ang pagitan ng ika-19 at ika-20 salita (ang “nanay”) sa kanyang recitation mawawala rito ang emosyon. Iba ang “nanay” kay Jordan at kay Irene, kahit na kakambyo ang huli: “Me nanay din akong namatay” (Lee, 2008, p. 10). Magkakahiwalay silang magkababata pero magkikita muli. Ang kaso, hindi siya maalala nito. Hindi siya maalala kahit na inalagaan niya ito pagkatapos ang melodramatikong pagbubugbog dito ng bodyguard ng mayor ng bayan nila. Nakipagtalik siya rito (magkasing melodramatiko ang paglalarawan ni Lee sa eksena sa hotel at sa pang-aapi kay Jordan): “she fucked him with all her body and soul. Para siyang amasona, umuuga ang malalaking suso at umiindayog ang buong katawan, with an army of memories behind her, goading her on, sige pa, ituloy mo pa ... inaatake nang buong libog ang nakalipas at kasalukuyan at hinaharap nito...” (Lee, 2008, p. 33). Sa kanyang imahinasyon, pinapanood siya ng nanay niya, naaawa sa kanya. Susundan siya ng imahen nito kahit iniwan na niya si Jordan at lumabas sa hotel.

Tinatangka ni Lee na umabot sa lebel ng drama (“Na- in love ka sa isang memory!” sabi ng isa pang tauhan kay Irene (Lee, 2008, p. 200), pero hindi niya maiwasan ang madaling pag-ibig mula sa balon ng popular na kultura, kaya nabibigo ang kanyang nobela. Hindi niya maseryoso bilang tao (diretsong realismo) o tauhan (diretsong metapikson) ang kanyang mga tauhan. Nakakarindi ang pagpapa-cute ni Lee sa kabuuan (ang kanyang hindi paggamit ng panipi sa mga diyologo, ang minsanang pagtalon sa format ng script). Gayumpaman maaari pa ring maturing ang Para kay B bilang tratado tungkol sa pag-ibig at alaala. Hirit ng isang tauhan: “Ganito ba kung ganoon ang pag-ibig ... Is it just a matter of memory?” (Lee, 2008, p. 221). Samantala, ang stand in ni Lee na si Lucas, nasisingitan ang mga relasyon ng alaala ng isang babae: “He never got married, the memory of that one great but broken love still sustaining him. Tama si Irene, mas matindi ang mga alaala” (Lee, 2008, p. 241).

Pinapatunayan ni Lucas hindi pa matutunan ni Irene. Samantalang inisip ni Irene na si Jordan na kanyang naengkwentro ay ang Jordan ng kanyang alaala, pagkatapos ng kanilang engkwentro malalaman niyang magkaiba nga ang minemoryang Jordan kaysa ang aktwal na Jordan. Pero, sakyan lang natin pansamantala ang metapiksiyon ni Lee, nangyari ito kay Jordan dahil nga sinet up siya ni Lucas para mabigo. Sa anyong sanaysay nagkakaroon ng kaayusan at kabuuan ang argumento, pero nobela ang tinangkang isulat ni Lee, hindi akademikong sanaysay. Ang nobela ba ay alaala ng isang modernong bansa? Marahil ito ang dahilan kung bakit, pagkatapos mabasa ang Para kay B, walang maalala ang mambabasa tungkol dito. Pero mas mainam siguro ang posisyon ni Lucero: na ang isang panitikang nakatungtong sa popular na kultura ay panitikang hindi karapat-dapat alalahanin. (Hindi nilikha ang popular na kultura para maalala, kundi para maging obheto ng nostalgia.) Nabibigo ang nobela ni Lee dahil hindi kailangan ng eksperimentasyon para ipakita ang alaala bilang bagay na binubuo imbes na nariyan na lang, na ito ay proseso ng konstruksyon imbes na pagbawi.

Inookupa ng tula ni Almario ang katulad din nina Lydia, A+/U-, sa pag-alaala ni Memorya siya nabibigo sa kasalukuyan. Pareho lang sila ni Alejandro, samantalang si Gabriel ay A+/U+. Mahusay na paradoha ito, dahil pareho silang nakakaalala ni Alejandro, pero dehado ito samantalang si Gabriel ang may bentahe. Karamay nina Memorya at Alejandro si Irene, na bigo kahit o dahil nakakaalala. Si Lucas, sa pagbabago sa nakaraan sa pamamagitan ng kanyang pagsusulat, ay A-/U+.

KONGKLUSYON

Ito ang lugar sa papel para sabihing bagaman pinupuri ang A+/U- na siyang posisyon ng manonood ng Santiago!, ang skemang ito ay analitikal at hindi moralistikong instrumento. Kung tutuusin, trahiko ang posisyong inuukupa nina Irene, gayundin ang kina Garcellano. Nasa likhang-sining nga ba ang solusyon? Gaano man kapangit bilang nobela, may isang nasapol si Lee sa Para kay B, maaari ngang bigyan ng happy ending ang nakaraan sa

ELISERIO
Maala-ala Mo Kaya?

pamamagitan ng pagsusulat. Kontribusyon ang SS!LB sa pagtatangkang bumalik at umulit. Umaalala at inaalala ang Santiago! dahil minor itong pelikula mula sa minor na bansa. Bagaman mayor na direktor si Brocka, minor ang pwesto nito sa kanyang output. Maraming uri ng pagkaminor. Kadalasan ang minor ang nakakalimutan. Para mas malinaw pa, samantalang inilagay ang manonood ng pelikulang Santiago! sa posisyong A+/U- (gustong maalaala pero ayaw umulit), maaari ngang ilagay ang kritiko sa posisyong A+/U+ (ang posisyon ni Celso!) dahil gustong alaalahanin at ulitin ng kritiko hindi ang traumatikong okupasyon ng mga Hapon, kundi ang karanasan ng panonood sa isang minor na obra ni Brocka. Naisasantabi ang Santiago! dahil ang pokus ng mga pag-aaral, syempre, ay ang mga mayor na pelikula ni Brocka, kahit pa sa magisterial na pag-aaral sa direktor (Tolentino, 2014). Samantala, ang paglalarawan dito ng kritikong si Joel David ay “otherwise effective Fernando Poe Jr. epic” (1990, p. 3). Ang minor na posisyon ng Santiago! sa kabuuan ng mga gawa ni Brocka ang nagbibigay sa skemang nakabase dito ng kapangyarihang liwanagan ang iba’t ibang teksto at penomena na may kinalaman sa alaala. Ang SS!LB ay maaari ngang maging lente para suriin ang mga “kuya” at “ate” nito, tulad ng Maynila sa mga Kuko ng Liwanag at Bayan Ko: Kapit sa Patalim, at gayundin sa mga teksto ng popular na kultura na maaaring ituring na “pop corn” o “cotton candy” na walang laman at nakakasira lang ng ngipin. Tanging ang paglilimi sa isang minor na gawa tulad ng Santiago! ang makapagbibigay ng stimulus para sa patuloy pang pag-aaral sa ugnayan ng, halimbawa, alaala at imperyalismo.

Nabanggit na rin naman ang mga Hapon, baka may matututunan tayo mula sa mga Koreano? Ang aplikasyon ng SS!LB sa isang minor ding teksto, isang palabas sa telebisyon hindi man lang pelikula, isang tekstong bubble gum sa Netflix na ang tadhana ay idura, ang magpapamalas ng kapangyarihan nito bilang balangkas.

Sinoman ang mag-iisip na nagmamalabis ang Gyeongseong Creature (2023, 2024) sa paglalarawan nito, sa artistikong paraan,

sa mga krimen laban sa sangkatauhan ng Japan bago pa man ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay kinakailangang basahin ang *Face of Empire* (Golay, 1997). Kasama ang Gyeongseong sa mga popular na teksto mula sa timog Korea na umuusig sa pagbubura ng alaala. Sa aspektong ito, kabagang nito ang pelikulang *Collectors* (2020, dir. Park Jung-bae).

Ang mga ganitong kaseryosong paksa ay may tendensiyang maging nakakabagot, at dahil sa takot iniiwasan ng mga tao (mahirap na nga ang buhay sa kasalukuyan). Mahusay ang mga taktika ng Gyeongseong para mahalina ang manonood. Una, hindi estriktong histkorikal ang palabas, kundi fantastiko-siyentipiko: pag napasok ng nanji ang isang tao, nagiging parang hayop ito, (pag turukan din siya ng anthraw, nagiging halimaw siya). Pangalawa, may elemento ng romansa ito, sa pagitan nina Jang Tae-sang (Park Seo-joon) at Yoon Chae-ok (Han So-hee). Bagaman magagandahan kay Chae-ok si Tae-sang, hindi agad magkakahulugan ng loob ang dalawa hanggang hindi sila dumadaan sa malaking hamon (ang paglusob sa ospital na siya rin namang lugar kung saan isinasagawa ng mga Hapon ang kanilang mga hindi makataong pag-eksperimento). Kaugnay nito ang ikatlong taktika ng Gyeongseong sa paglalahad ng pulitika nito: si Tae-sang ay hindi nasyonalistang galit na galit sa mga Hapon, kundi pilyong negosyante na ayaw sa pulitika. Sa kanyang unti-unting pagkaintindi sa krimen ng mga mananakop sa kanyang bayan, kasabay niya ang manonood sa unti-unting pagkaintindi na hindi kailangang maging nakakabato ang mga pulitikal na likhang-sining.

Pinakamalakas na episode ng palabas ang ikatlo hanggang ikaanim, at pinakamahina ang ikawalo hanggang ikasampu. Sa unang set, lolooban, sa unang pagkakataon, ng mga bida ang Ongseong Hospital. Hindi pa nila alam kung gaano kadelikado ang sitwasyon, bukod nga sa mga sundalo'y naroon ang halimaw, at kung gaano karami ang mga kawawang biktima na kailangan din ng tulong nila. Dito'y may kani-kaniyang pa silang indibidwalistikong misyon. Tunay na kapanapanabik sa puntong ito ang palabas, at hindi alam ng manonood kung sino sa mga bida,

sa mga bagong kaibigan at kaalyansa nila, at sa mga kawawang biktimang dinakip at kinulong ng mga Hapon, ang makakaligtas. Mahusay ang ironiya dito, ang ospital bilang bitag. Samantala, kakulangan sa budget ang tanging masisisi kung bakit pa nila ibinalik sa ospital ang aksyon sa mga mahinang episode. Hindi sa walang mahusay na eksena sa mga ito. Sa ikasampung episode, halimbawa, pinakita ni Tae-sang kung paano dapat nagtapos ang El Filibusterismo kung naisip lang sana ni Simoun na gumamit ng higit sa isang bomba: sa burol ng buktot na hepe ng mga pulis, kung saan nagtipon ang mga makapangyarihang Hapon at taksil na Koreano, nagbigay siya hindi lamang ng marami-rami ding korona ng patay, kundi ng mas maraming stick ng dinamita.

Sakit din ng Gyeongseong na hindi maging kontento sa isang ubod ng gandang season ng telebisyon, dulot ng kapitalismo, kailangan nitong sumubok ng isa pang season sa ngalan ng tubo, kaya naapektuhan din ang mga kwento nito. Ang ilan dito'y kapanapanabik: ang magiging kinabukasan ng sanggol na halimaw sa pag-aalaga ng malupit na si Kato (Choi Young-joon), ang nakaraan ni Yukiko Maeda (Claudia Kim) at ng nanay ni Chae-ok. Nasira nga lang ang bigat (galing) ng palabas nang buhayin si Chae-ok ng halimaw, na siya rin namang kanyang ina.

Isa pang tema ng palabas ang pagpapatawad. Pinatawad ni Tae-sang si Gu (Park Ji-hwan) at Nawol (Kim Hae-sook), kahit na pinagtaksilan siya ng una at pinagtaksilan ang kanyang ina ng huli. Sa espiritung ito, maaari na ring patawarin ng manonood ang ilang pagkakamali ng sa pangkalahatan naman ay napakahusay na Gyeongseong Creature. Ang hindi maaaring patawarin ay ang ikalawang season nito, na ubod ng pangit, at dapat bagsakan ng bomba nukleyar para burahin mula sa ating kolektibong alaala.

Talahanayan 1 at Figura 1: Dito'y ipinapakita sa magkaibang paraan ang relasyon ng apat na posisyon sa Alaala at Pag-uulit. Ang mga posisyong ito ay siya rin namang inookupa ng mga kritiko at malikhaing manunulat na Filipino. Ang apat na posisyon na ito ay kay Lydia (A-/U-), Pilar/Gonzalo (A-/U+), Celso/Kritiko (A+/U+) at Manonood (A+/U-). Iniindika ng mga linya ang ugnayan sa pagitan ng mga posisyong ito, at kung paanong iba-iba ang tindig pagdating sa trauma at kasaysayan, at gayundin sa mga kritiko at iba pang manunulat na nakikipagdiyalogo sa pambansang alaala.

Talahanayan 1

POSISYON	ALAALA	PAG-UULIT
Lydia	A-	U-
Pilar/Gonzalo	A-	U+
Celso	A+	U+
Manonood	A-	U-




Figura 1

ELISERIO
Maala-ala Mo Kaya?

SANGGUNIAN

Almario, V. S. (2002). (A)lamat at (h)istorya. University of the Philippines Press.

Cruz-Lucero, R. (2007). Ang bayan sa labas ng Manila. Ateneo de Manila University Press.

David, Joel. (1990). The National Pasttime. Anvil.

Eugenio, D. L. (Ed.). (2002). Philippine folk literature: The proverbs. University of the Philippines Press.

Garcellano, E. (1990). Intertext. Kalikasan Press.

Garcellano, E. (1998). Interventions. PUP Press.

Garcellano, E. (2001). Knife's edge. University of the Philippines Press.

Golay, F. H. (1997). Face of empire. Ateneo de Manila University Press.

Guillermo, R. (2014). Translation as argument: The nontranslation of loob in Ileta's Pasyon and Revolution. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 62(1), 3–28.

Guillermo, R. (2023). "Pagsasariling atin": The project of an autonomous social science tradition (ASST) and the challenge of scientometrics. *Third World Quarterly*. <https://doi.org/10.1080/01436597.2023.2206013>

Guillermo, R. (2024). Pagsasariling atin: Isang paliwanag. In R. Nobleza (Ed.), *Nagsasariling Araling Filipino* (Vol. 1). Marinduque State College.

Ileta, R. C. (2020). Pasyon and revolution. Ateneo de Manila University Press.

Pascual, C. (2015). Kumpisal. University of Santo Tomas Publishing House.

Tolentino, R. B. (2000). Richard Gomez at ang mito ng pagkalahake. Anvil.

Tolentino, R. B. (2014). Contestable Nation-Space. University of the Philippines Press.

Si U Z. Eliserio ay awtor ng mga nobelang Bampira! at Ang mga Alipin. Guro sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Kolehiyo ng Arte at Literatura sa UP Diliman, siya rin ay mandudula at tagasalin. Bisitahin siya sa ueliserio.com/books.